

Tigdas (measles), beke (mumps) at rubella

Impormasyon sa pagpapabakuna

OPISYAL

Ang iskedyul ng National Immunisation Program ay nagbibigay ng libreng bakuna laban sa measles-mumps-rubella (MMR) sa mga kabataan na may edad na 12 buwan at 18 buwan.

Tigdas

Ang tigdas ay isang seryoso at lubhang nakakahawa na viral na sakit na nagsasanhi ng lagnat, sipon, ubo at pamumula ng mga mata na sinusundan ng mga pamamantal. Ang tigdas minsan ay nagdudulot ng mapanganib na mga komplikasyon tulad ng pulmonya at encephalitis.

Tinatanyang 1 sa bawat 1,000 mga tao na nahawahan ng tigdas ay magkakaroon ng encephalitis (pamamaga ng utak). Sa bawat 10 mga bata na magkakaroon ng tigdas na may pamamaga ng utak (measles encephalitis), 1 ay mamamatay at marami ay magkakaroon ng permanenteng pagkasira ng utak.

Isang bihirang kondisyon na tinatawag na subacute sclerosing panencephalitis (SSPE, brain degeneration) ay maaaring mabuo ilang taon matapos ma-impeksyon ng tigdas. Ang SSPE ay mabilis na sumisira sa utak at madalas na nakamamatay.

Ang tigdas ay maaaring makahawa sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahing ng isang taong may sakit nito bago pa man niya malaman na siya ay may sakit na ganito.

Beke

Ang beke ay nagsasanhi ng lagnat, sakit ng ulo at pamamaga ng mga glandula ng laway (salivary glands). Tinatayang 1 sa bawat 5,000 mga bata ay nagkakaroon ng encephalitis. Ang sakit ay nagsasanhi ng pagkabaog at permanenteng pagkabingi.

Tinatayang 1 sa bawat 5 nagbibinata o lalaking nasa hustong edad na nahawaan ng beke ay nagkakaroon ng masakit na pamamaga at pamamaga ng bayag. Ang mga kalalakihan na may ganitong kondisyon ay kadalasang gumagaling, ngunit sa mga bihirang pagkakataon, maaari itong magdulot ng pagkabaog.

Maaaring mahawa sa beke sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahing ng isang taong may sakit nito bago pa man niya malaman na siya ay may sakit na ganito.

Rubella

Ito ay banayad na sakit sa pagkabata ngunit ito ay maaari ring maka-apekto sa mga tinedyer at mga nasa hustong gulang. Ang sakit ay nagsasanhi ng pamamaga ng mga glandula, pananakit ng kasukasuan at mga pantal sa mukha at leeg na tumatagal ng 2 hanggang 3 araw. Ang paggaling mula dito at laging mabilis at kumpleto.

Ang Rubella ay pinakamapanib kapag ang isang babae ay mahawahan nito sa panahon ng kanyang unang 20 linggo ng pagbubuntis. Ito ay maaaring magresulta sa seryosong mga abnormalidad sa bagong panganak na sanggol. Maaari itong magdulot ng pagkabingi, pagkabulag, mga depekto sa puso at mga kapansanan sa pag-iisip.

Maaring mahawa sa Rubella sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahing ng isang taong may sakit nito bago pa man niya malaman na siya ay may sakit na ganito.

Ang Rubella ay lubhang nakakahawa at ang pinakamahasag na proteksyon para sa mga nanay na nagbubuntis at sa kanilang sanggol ay ang paniniguro na ang mga kababaihan ay nabakunahan bago pa man sila mabuntis.

*Ang pagbubuntis ay dapat iwasan hanggang isang buwan matapos ang pagbakuna.

Measles-mumps-rubella (MMR) na mga bakuna

Mayroong MMR na bakuna na may kombinasyon na kasama ang bulutong-tubig o chickenpox (MMRV) para sa 18-buwan na mga bata at naglalaman ng kaunting virus na may pinahinang lakas at kaunting antibiotic na neomycin.

Posibleng mga side effect ng MMR na bakuna

Mas madalang ang mga naiulat na mga reaksiyon sa MMR na bakuna kaysa sa mga komplikasyon sa mga sakit na ito.

Kadalasang mga side effect

Nakita 7 hanggang 10 araw matapos ang pagbakuna:

- mataas na lagnat na sobra sa 39 °C
- maputlang mapupulang pantal (hindi nakakahawa)
- malamig ang ulo at/o tumutulong sipon
- ubo at/o namumugtong mga mata
- pagkaantok o pagkapagod
- pamamaga ng mga glandula ng laway (salivary glands)
- isang panandaliang maliit na bukol sa lugar ng iniksiyon.

Di-pangkaraniwang mga side effect

- Lagnat na nagsasanhi ng kombulsyon (febrile convulsions)
- Panandaliang pananakit at paninigas ng mga kasukasuan
- Panandaliang mababang bilang ng platelet na nagsasanhi ng sugat o pasa.

Napakabihira na mga side effect

Malubhang allergic na reaksiyon.

Kung mayroon mang mangyaring banayad na mga reaksiyon, ang mga ito ay maaaring tumagal nang 2 hanggang 3 araw. Ang mga side effect ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng:

- paglagay ng basa at malamig na tela sa pananakit sa lugar ng iniksiyon
- pagbigay ng mga ekstrang fluid at iwasan ang makapal o sobrang kasuotan kung ang tao ay may lagnat
- pag-inom (o pagbigay ng paracetamol sa iyong anak) para mabawasan ang kawalan ng ginhawa (alamin ang rekomendadong dosis para sa iyong anak).

Kung ang mga reaksiyon ay malubha o patuloy ang mga ito, o kung ikaw ay nag-aalala kontankin ang iyong doktor o ospital. Maaari mo ring tawagan ang Victorian vaccine safety service sa 1300 882 924 opsyon 1.

Checklist bago magpabakuna

Bago pa man ikaw o ang iyong anak ay bakunahan, sabihin sa doktor o nars kung magagamit ang mga sumusunod na mga impormasyon:

- Nagkaroon ng bakuna na may laman na live viruses sa loob lamang ng nakaraang buwan (tulad ng MMR, chickenpox o BCG)
- Hindi mabuti ang pakiramdam sa araw ng pagbakuna (ang temperatura ay mahigit sa 38.5 °C)
- Nagkaroon na ang malubhang reaksiyon sa nakaraang MMR na bakuna
- Nagkaroon ng malubhang allergy sa anumang inihalo sa bakuna halimbawa, neomycin
- Umiinom ng anumang uri ng steroid maliban sa sinisinghot na mga asthma spray o mga steroid cream (halimbawa, cortisone o prednisone)
- Tumanggap ng immunoglobulin o isang produkto ng dugo sa loob ng nakaraang taon
- Nagkaroon ng sakit o tumanggap ng paggamot na nagsasanhi ng mababang immunity (halimbawa, leukaemia, cancer, HIV/AIDS, radiotherapy o chemotherapy)
- Buntis o nagpaplano ng mabuntis sa loob ng isang buwan ng pagpapabakuna.

Karagdagang impormasyon

- www.betterhealth.vic.gov.au
- www.immunise.health.gov.au
- Para sa serbisyo sa pagsasalinwikang pasulat at pasalita, tumawag sa 131 450

Para matanggap ang dokumentong ito sa ibang format, [mag-email sa Immunisation Unit <immunisation@health.vic.gov.au>](mailto:immunisation@health.vic.gov.au).

Awtorisado at inilimbag ng Pamahalaan ng Victoria, 1 Treasury Place, Melbourne.

© Estado ng Victoria, Australya, Kagawaran ng Kalusugan, Disyembre 2022.